



LUNAS SA SAKUNA KAPAG MAY EMERGENCY

Ninanis ng SoCalGas na makatulong na maibsan ang pasanin ng mga naapektuhan ng isang likas na sakuna kapag ang Kalagayang Emergency ay naideklara na ng Gobernador ng California o pederal na idineklara ng Presidente ng Estados Unidos. Para sa mga customer na walang natural gas service at sa mga taong kailangang lumipat (pansamantala man o nang permanente) dahil sa sa natamong pinsala, tulad ng pinsalang dulot ng sunog/ pagdausdos ng putik, ang mga sumusunod na pagbabago ay ipatutupad bilang bahagi ng patakaran:

- Hindi na kailangang bayaran ng mga customer na ang mga bahay ay ni-red-tag na ang kanilang kahuli-hulihang bill upang matulungan sila.
- Anumang hindi pa nagamit na deposito ay gagawing kredito sa inyong account para sa mga customer na ang mga bahay ay ni-red-tag na.
- Ang mga customer na muling magbabalik ng serbisyo ay hindi kailangang magbayad ng deposito.
- Hindi didiskonektahin ng SoCalGas ang serbisyo dahil sa hindi pagbabayad sa panahon ng naturang emergency.
- Ang mga customer na nakatira sa mga apektadong lugar na makakabalik sa kanilang tirahan, ay makakapagsaayos, sa kanilang kahilingan. ng isang maiiakmang pagbabayad.

Nais din namin na tiyakin sa mga customer na pansamantalang tinanggalan ng kanilang natural gas service dahil sa kahilingan ng mga tumutugon sa emergency na hindi sila sisingilan ng para sa serbisyong ito sa panahon ng isang pansamantalang pagkawala ng kuryente.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa aming customer service hotline sa **1-800-427-2200**.

Mga Madalas Itanong Kaugnay ng Singil (Bill)

Sisingilan ba ako para sa serbisyo sa panahon na naputol ang aking natural gas service?

Kung pinutol ang serbisyo ng natural na gas sa inyong tirahan bilang isang pag-iingat o dahil sa pinsala sa inyong bahay, hindi kayo sisingilan para sa mga araw na wala kayong serbisyo.

Paano makikita sa aking bill ang pagkaputol ng serbisyo?

Ang inyong bill ay may bahaging "Current Charges" (Mga Kasalukuyang Singil) kung saan makikita ang mga araw kung kailan namin kayo pinagkalooban ng serbisyo. Kung ang naturang serbisyo ay pinutol sa kalagitnaan ng naturang billing period (sisingilang panahon), mapapansin ninyo na hinati namin sa dalawang bahagi ang inyong bill. Sakop ng unang bahagi ang serbisyo mula sa pinakahuling petsa na kami ay naningil sa inyo hanggang sa petsa ng pagputol. Sakop ng pangalawang bahagi ang serbisyo mula sa petsa na ibinalik namin ang serbisyo hanggang sa pinakahuling petsa na sakop ng kasalukuyang bill. Makikita sa pagitan ng petsa ng pagpuputol at sa petsa nang ibalik ang serbisyo ang mga araw na putol ang serbisyo kung kailan hindi kayo sisingilan. Makikita ninyo ang inyong bill online sa www.socalgas.com/billing-payment/ways-to-pay



LUNAS SA SAKUNA KAPAG MAY EMERGENCY

Sa aling bill makikita ang pagkaputol ng serbisyo?

Sa unang regular na naka-iskedyul na bill na tinatanggap ninyo pagkabalik ng inyong serbisyo makikita ang pagkaputol ng serbisyo. Makikita ito ayon sa isinaad sa itaas.

Siningil ako para sa serbisyo sa panahon ng pagkaputol. Kailangan ko bang humiling ng isang iwinastong bill?

Sinususpinde namin ang paniningil sa mga customer na apektado ng isang emergency. Kung hindi nakikita sa inyong bill ang pagkaputol ng serbisyo ayon sa inilarawan sa itaas mangyaring tawagan kami sa **1-800-427-2200** upang ibigay ang inyong impormasyon at mag-iimbestiga kami. Makikita ninyo ang inyong bill online sa www.socalgas.com/billing-payment/ways-to-pay

Sisingilan ba ninyo ako para sa natural gas service kung nasira ang aking bahay dahil sa isang likas na sakuna sa panahon na nagdeklara ng isang Kalagayang Emergency?

Nakikipagtulungan kami sa mga lokal na ahensiya upang matukoy ang lahat ng nasirang bahay. Kung nasira ang inyong tahanan, isasara ang inyong account sa mismong petsa ng emergency. Tatanggap kayo ng isang kahuli-hulihang bill mula sa amin na magkukumpirma na isinara na ang inyong account pero hindi naman kayo tatasahan ng para sa anumang mga dapat bayaran para sa serbisyong ginawa sa panahong isinasara ang bill. Kung hindi pa naibalik ang inyong deposito o mayroon kayong credit balance, padadalhan namin kayo ng isang tseke para sa naturang balanse. Hiwalay na ipapadala ang inyong kahuli-hulihang statement at refund check sa address na nakalista sa inyong account. Mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa **1-800-427-2200** kung kailangan ninyong baguhin ang impormasyong ito.